# *Ang Daan Upang Maging Mapalad Yugo 5*

Ang pagibig ng Diyos ay napalawak at ang Kanyang biyaya at ang Kanyang mga pagpapala ay sa mga natatakot sa Kanya at lumalakad sa Kanyang mga landas. Ang mga pagpapala ng Diyos ay nariyan sa atin at matatanggap lamang natin iyon sa pamamagitan ng Kanyang mga daan.

***"Mapalad ang tao na iyong pinarurusahan, Oh Panginoon, at tinuturuan mo sa iyong kautusan." (Awit 94:12)*** Pagpapalain tayo ng Panginoon kapag dinidisiplina Niya tayo at itinutuwid tayo para sa ating mga kasalanan, sa maling mga gawain at maling mga pagpapasya, sa gayo'y habang tayo'y lumalakad sa Kanyang mga daan ay dadaloy ang Kanyang mga pagpapala sa ating buhay. Kaya't sa tuwing dinidisiplina ka ng Diyos para sa iyong mga kasalanan ay pinagpapala ka ng Diyos.

***"15 Mapalad ang bayan na nakakaalam ng masayang tunog: sila'y nagsisilakad, Oh Panginoon, sa liwanag ng iyong mukha." (Awit 89:15)*** Sa mga taong lumalapit upang mabatid ang mga daan ng Panginoon at habang pinapanatili nila ang Kanyang mga daan at kautusan sa kanilang buhay ay patuloy na dadaloy ang Kanyang pagpapala sa kanilang buhay. Patuloy nilang gagawin ang tama at matuwid at sa gayon kanilang inaangkin at tinatanggap nila ang mga pagpapala ng Diyos at nagagalak sa Kanya.

***"3 Mapalad silang nangagiingat ng kahatulan, at siyang gumagawa ng katuwiran sa buong panahon." (Awit 106:3)*** Maraming mga taong magsasabi, 'Bakit wala kaming pagpapala ng Diyos at walang kaming natatanggp mula sa Kanya? Ang tanong ay ito, 'Ginagawa mo ba kung ano ang tama at matuwid? Kung hindi mo ginagawa iyon sa gayo'y kahit na ikaw ay nagsisikap ang mga pagpapala ng Diyos ay malayo sa iyo. Para tanggapin ang pagpapala ng Diyos kailangan mong sumunod at gawin ang iyong bahagi sa mga inuutos ng Diyos, sa gayon tutuparin ng Panginoon ang ipinangako Niya at ang Kanyang mga pagpapala ay dadaloy sa iyong buhay.

***"1 Purihin ninyo ang Panginoon. Mapalad ang tao na natatakot sa Panginoon, na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos." (Awit 112:1)*** Ang panahon na ang mga tao'y magsimulang matakot sa Panginoon sa pamamagitan ng pagnanais na sumunod sa Diyos at lumakad sa Kanyang mga landas at tumalima sa Kanyang mga utos sa gayon ito na ang panahon para sa kanila upang makatanggap sila ng mga pagpapala mula sa Panginoon at maging mapalad. Kapag ang mga tao ay nagsimulang magsisi sa kanilang mga kasalanan at matakot sa Diyos, sa gayon sila'y matatakot na suwayin ang mga kautusan ng Diyos at magkasala laban sa Kanya, at iyon na ang panahon para sa kanila upang hanapin Siya at sundin Siya ng buong puso at maging mapalad gaya ng ating mababasa dito, ***"1 Mapalad silang sakdal sa lakad, na nagsisilakad sa kautusan ng Panginoon. 2 Mapalad silang nangagiingat ng kaniyang mga patotoo, na nagsisihanap sa kaniya ng buong puso." (Awit 119:1-2)***

Upang sumunod sa Salita ng Diyos at kautusan ay ang tunay na karunungan at kaunawaan. ***"Mapalad ang tao na nakakasumpong ng karunungan, at ang tao na nagtatamo ng kaunawaan." (Kawikaan 3:13)*** Huwag magisip sa baligtad na paraan; huwag mong isipin na kapag sinunod mo ang Diyos at ang Kanyang mga Salita at sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan ay mahina ka. Ikaw ay matalino at matatag patungkols sa aspetong ito.

***"5 Maginhawa ang may pinaka saklolo sa Dios ni Jacob, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Dios:" (Awit 146:5)*** Bakit sinabi ng Salita ng Diyos ay sinabi rito, ***"Manginhawa ang may pinaka saklolo sa Dios ni Jacob,*** at hindi sinabi, *'Maginhawa ang may pinasaklolo sa Dios ni Isaac o Abraham?* Sa paglakad ni Jacob sa Dios sinubukan niyang pangunahan ang plano ng Diyos at sinubukang kunin ang mga pagpapala sa anumang posibleng paraang makakaya niya, hindi mahalaga kung ito ay tama o mali. Dinaya niya ang kanyang kapatid na si Esau at ninakaw sa kanya ang kanya ang pagkapanganay at ang mga pagpapala. Inisip ni Jacob na sa gayong paraan ng buhay ay magdadala ng mga pagpapala sa Kanyang buhay. Nakita ng Diyos ang lahat ng pag-uugaling iyon at dinisiplina ng Panginoon si Jacob at binigyan siya ng mahirap na panahon sa kanyang buhay upang para sa kanya ay mapagtanto na hindi niya kayang umasa sa kanyang sarili at kailangan niyang sumunod sa Diyos at sundin ang mga kautusan ng Diyos at lubos na umasa at maging mapagtiis hanggang sa dumating ang Panginoon at pagpalain siya. * Gagawin din ng Panginoon ang katulad sa iyo. Kung pinangungunahan mo ang Diyos at iniisip mo na ikaw ay matalino at makakamit mo ito ng iyong sariling kalakasan at pinagkukunan sa gayon ikaw ay mali at hintayin ang kaguluhan sa iyong buhay. * Kung ikaw ay hindi makikinig sa Dios tiyak na hahayaan ang ilang mga kaguluhan at pagsubok sa iyong buhay gaya nang ipinahintulot Niya sa buhay ni Jacob upang mapagtanto mo at makita mo ang iyong totoong maliit na anyo at walang mapagkukunan kumpara sa kapangyarihan at magpagkukunan sa Diyos. Sinabi ni Jesus ang mga sumusunod: ***"29 Nguni't sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Nangagkakamali kayo, sa hindi pagkaalam ng mga kasulatan, ni ng kapangyarihan man ng Dios." (Mateo 22:29)*** Dapat kang magbasa ng Kasulatan at alamin, ituwid ang iyong sarili at maingat na sumunod sa sinasabi ng Diyos sa Kanyang Salita. Hindi babaguhin ng Dios ang Kanyang sarili o ang Kanyang Salita, kaya't huwag tanggihan at hayaan Siya na baguhin ka.

***“32 Ngayon nga, mga anak ko, dinggin ninyo ako: sapagka't mapalad ang nangagiingat ng aking mga daan.33 Mangakinig kayo ng turo, at kayo'y magpakapantas, at huwag ninyong tanggihan.34 Mapalad ang tao na nakikinig sa akin, na nagbabantay araw-araw sa aking mga pintuang-bayan, na naghihintay sa mga haligi ng aking mga pintuan.35 Sapagka't sinomang nakakasumpong sa akin, ay nakakasumpong ng buhay. At magtatamo ng lingap ng Panginoon.36 Nguni't siyang nagkakasala laban sa akin ay nagliligaw ng kaniyang sariling kaluluwa; silang lahat na nangagtatanim sa akin ay nagsisiibig ng kamatayan.” (Kawikaan 8:32-36)*** Ito ay ang malinaw na mensahe. Mapalad ang mga nangaiingat ng mga daan ng Panginoon. Pantas ang mga nakikinig sa turo ng Dios at huwag tanggihan ito. Mapalad ang mga nakikinig at tumatalima sa Dios. Lingap at buhay sa mga nakasusumpong sa Dios; kapinsalaan sa mga nabigong hindi nasumpungan ang Dios. Sa mga nagkasala, at hindi nakinig at tumalima sa Dios kinamumuhian nila Siya at sa ganitong paraan sinasaktan nila ang kanilang sarili at nagsisiibig sa kamatayan, kahit na maaring mauwi sa impierno na isang tunay na bagay.

***“20 Siyang nagiingat sa salita ay makakasumpong ng mabuti: at ang nananalig sa Panginoon ay mapalad.” (Kawikaan 16:20)*** Upang pagtitiwala sa Dios ay ang pagsunod sa utos ng Diyos, kaya’t, mapalad at masaya ang mga nagtitiwala sa Dios, sa tumalima at sinunod ang Kanyang mga kautusan bibigyan sila ng karunungan at kaunawaan upang gawin kung ano ang tama upang mga pagpapala ng Diyos at kasaganaan ay dumaloy sa kanilang buhay.

***“14 Masaya ang tao na natatakot na lagi: nguni't siyang nagmamatigas ng kaniyang kalooban ay mahuhulog sa kahirapan.” (Kawikaan 28:14)*** Napakapalad kung patuloy kang natatakot sa Dios at sumusunod sa Kanya. Huwag magmalaki at magmataas at patigasin ang iyong puso, sa paraang ito ang mga bagay ay magiging mas mahirap at mabigat sa iyong buhay. Sinasalungat ng Diyos ang mapagmataas ngunit mas binibigyan Niya ng biyaya ang mga mapagkumbaba. Magpakumbaba ka, kung hindi mahuhulog sa maraming kaguluhan.

Magtiwala sa Panginoon at lubos na sumunod sa Kanyang Salita at Siya mismo ang magpapala sa iyo. Hindi ka lamang pagpapalain ng Panginoon at ang gawa ng iyong mga kamay kundi pagpapalain Niya rin ang iyong mga anak at ang mga pagpapala ng Panginoon ay dadaloy sa kanilang buhay, ***“7 Ang ganap na tao na lumalakad sa kaniyang pagtatapat, mapapalad ang kaniyang mga anak na susunod sa kaniya.” (Kawikaan 20:7)*** Para sumunod sa Dios ng tama at gamitin ang mga daan ng Diyos sa buhay ay ligtas na paraan na nais ng Diyos na sundin natin. Habang ginagawa natin iyon makikita iyon ng ating mga anak at tutularan nila tayo at susunod sa Dios at lalakad sa Kanyang mga daan, at ang Kanyang mga pagpapala ay mananatili sa kanila at iyon ay malaking pamana na maiiwan natin sa ating mga anak.

***“18 Kung saan walang pangitain, ang bayan ay sumasama: nguni't siyang nagiingat ng kautusan ay maligaya siya.” (Kawikaan 29:18)*** Ang Salita at kautusan ng Dios ay itinuturo sa atin ang daan ng Diyos sa buhay at inuutos sa atin na paraan na dapat nating puntahan. Habang iniingatan mo ang kautusan ng Diyos at habang inilalapat ito sa iyong buhay sa gayo’y ikaw ay masaya at mapalad gaya ng makikita mong malinaw ang susunod na hakbang sa iyong buhay at ikaw ay magkakaroon ka ng malinaw na pananaw at ang daan sa iyong harap ay malinaw.

***“27 At nangyari, na nang sinasabi niya ang mga bagay na ito, ang isang babaing mula sa karamihan ay naglakas ng kaniyang tinig at sinabi sa kaniya, Mapalad ang tiyang sa iyo'y nagdala, at ang mga dibdib na iyong sinusuhan. 28 Datapuwa't sinabi niya, Oo, bagkus na lalong mapapalad ang nangakikinig ng salita ng Dios, at ito'y ginaganap.” (Lucas 11:27-28)*** Ang mga tao at maaring isa ka sa kanila, ay may iba’t ibang pamantayan upang suriin ang mga pagpapala ng Panginooon. Ang mga tao ay may sariling mga paraan ngunit ang Salita ng Dios ay itinuturo sa atin ang mabuting mga bagay at tutulungan tayo sa mapasa landas ng katotohanan at ipapakita ito sa atin sa malinaw na paraan na kailangan nating sundin sa ating buhay.

Dito nakita natin ang isang babae na sinabi sa Panginoong JesuCristo, “***Mapalad ang tiyang sa iyo'y nagdala, at ang mga dibdib na iyong sinusuhan.”*** Ang babaing iyon ay sinabi niya na dahil si Jesus ay nagtuturo at nagpapahayag sa mga tao ang malalim na mga bagay ng Dios. Sinabi ng babaing iyon ang tungkol sa tiyan at dibdib ni Maria ay mapalad at si Maria ay mapalad dahil batay sa kanyang saloobin hindi niya narinig si Jesus na sinasalita ang Salita ng Diyos at ang katotohanan sa mga tao, na walang Maria ang kanyang ina na nagdalang tao sa Kanya at ipinanganak Siya at pinasuso Siya. Malinaw mong makikita kung paanong idinugtong ng mga tao ang mga bagay sa maling pangkaunawa at paliwanag. Ngunit gaya ng ating nalalaman na si Jesus ay Dios, ang Manlilikha na lumikha ng lahat ng bagay kasama ng Kanyang ina na si Maria ng kanyang tiyan at pagpapasuso.

Ngayon tunay na si Maria ay mapalad at ang sinasabi iyon ng Bibliya sa atin gaya ng ating mababasa sa Salita ng Dios sa ***Lucas 1:46-48 “At sinabi ni Maria, Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon,47 At nagalak ang aking espiritu sa Dios na aking Tagapagligtas. 48 Sapagka't nilingap niya ang kababaan ng kaniyang***

***alipin. Sapagka't, narito, mula ngayon ay tatawagin akong mapalad ng lahat ng maghahalihaliling lahi." (Lucas 1:46-48)*** Ngunit bakit si Maria ay pinagpalang babae? Si Maria ay mapalad hindi dahil siya ang nagdalang tao kay Jesus sa kanyang tiyan at inalagaan Siya. Ang lahat ng kababaihan ay magagawa iyon at aalalagaan ang kanilang mga anak. Sinabi ni Jesus ''***28 Datapuwa't sinabi niya, Oo, bagkus na lalong mapapalad ang nangakikinig ng salita ng Dios, at ito'y ginaganap." (Lucas 11:28)*** Si Maria ay mapalad dahil narinig niya ang Salita ng Dios at ginanap ito.

Tinawag ng Diyos si Maria dahil kailangan niya ng isang babae na magdadala at magluluwal kay Jesus. Ang Panginoong Jesus ay Dios Anak, at Siya ay isandaang porsiyentong Dios at Siya ay isandaang porsiyetong tao. Kaya kinakailangan siyang maipanganak bilang tao sa pamamagitan ng isang babae. Ang pagtawag kay Maria at kapanganakan ni Jesus ay gaya ng sumusunod: ***"26 Nang ikaanim na buwan nga'y sinugo ng Dios ang anghel Gabriel sa isang bayan ng Galilea, ngala'y Nazaret,27 Sa isang dalagang magaasawa sa isang lalake, na ang kaniyang ngala'y Jose, sa angkan ni David; at Maria ang pangalan ng dalaga.28 At pumasok siya sa kinaroroonan niya, at sinabi, Magalak ka, ikaw na totoong pinakamamahal, ang Panginoon ay sumasa iyo.29 Datapuwa't siya'y totoong nagulumihanan sa sabing ito, at iniisip sa kaniyang sarili kung anong bati kaya ito.30 At sinabi sa kaniya ng anghel, Huwag kang matakot, Maria: sapagka't nakasumpong ka ng biyaya sa Dios.31 At narito, maglilihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang lalake, at tatawagin mo ang kaniyang pangalang JESUS.32 Siya'y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa kaniya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na kaniyang ama:33 At siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magkakawakas ang kaniyang kaharian." (Lucas 1:26-33)***

***1. Tinanggap ni Maria ang panganib ng pagtawag ng Dios:*** Nang tinawag siya ng Diyos upang magdalang tao kay Jesus wala pa siyang asawa at ang katotohanan na matuklasan ng lipunan na siya ay nagdadalantao nang hindi kasal ay napaka mapanganib para sa kanya dahil ang mga tao ay maaring batuhin siya para doon. Nang tinawag siya ng Diyos upang panglingkuran Siya at gawin ang Kanyang kalooban tinanggap niya ang gawain kahit na ito'y magiging mapanganib para sa kanya upang sundin ang kalooban ng Dios. Ikaw ay magiging mapalad kung tatanggapin mo ang kalooban ng Dios at kunin kahit ang panganib upang paglingkuran Siya.

***2. Tinanggap ni Maria ang posibleng kahihiyan na matatanggap niya mula sa pagtanggap ng tawag ng Dioss at sa paglilingkod sa Kanya:*** Ang mga taong nakapalibot kay Maria ay maaring maliitin at hamakin siya, lalo na ang kanyang pamilya at ang mga tao na kapitbahay niya. Minsan ang pagtawag ng Dios ay inilalagay ka sa nakakahiyang kalagayan, maaring hindi ka maunawaan ng mga tao o hindi nila tatanggapin ang ginagawa ng Dios sa iyong buhay at maaring maliitin ka nila at maaring pagtawanan ka nila. Minsan hinihiling ng Diyos ang napaka nakakahiyang mga bagay mula sa atin na gawin ngunit hindi dapat tayong mahiya at isipin ang sasabihin ng mga taong nakapalibot sa atin at sasabihin ng ating pamilya at kamag-anak tungkol sa atin. Dahil dito isinulat ni Pablo ang sumusunod: ***"16 Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego.17 Sapagka't dito ang katuwiran ng Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya: gaya ng nasusulat, Nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." (Roma 1:6-17)*** Hindi mo kailangang isaalang-alang o isipin kung ano ang sasabihin ng mga tao laban sa iyo lung ikaw ay nagpapatuloy at sumunod sa Panginoon. Kailangan mong paluguran ang Dios, at sumunod sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga landas.

**3.** Si Mari ay hindi nagduda sa Dios at siya ay lubos na nagtiwala sa Kanya para sa kanyang buhay. Nang tinawag siya ng Diyos siya ay hindi nagduda sa kung anong kayang gawin ng Dios at kung paanong siya ay magdadalangtao ng walang lalaki**.** ***"At sinabi ni Maria sa anghel, Paanong mangyayari ito, sa ako'y hindi nakakakilala ng lalake?" (Lucas 1:34)*** Nais niya lamang malaman kung paano, at tinanggap niya ang sagot, ***"At sumagot ang anghel, at sinabi sa kaniya, Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataastaasan: kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging Anak ng Dios." (Lucas 1:35)*** Kapag tinawag ka ng Diyos huwag magduda kundi magtiwala sa Kanya at sumunod sa Kanya ng lubos at gagawin Niya iyon para sa iyo. ***"Sapagka't walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan." (Lucas 1:37)***

***4. Si Maria ay lubusang sumuko sa Salita ng Dios, sa Kanyang tawag at mabuting kalooban:*** Binuksan ni Maria ang kanyang puso nang lubos sa Dios, kaya't ang lahat ay naipaliwanag sa kanya nang sapat. Matapos ang lahat ng katiyakan na natanggap niya mula sa mensahe ng Panginoon ang kanyang huling pahayag na nagbuklod sa kanya sa isang tipan sa Dios ay ang sumusunod: ***"At sinabi ni Maria, Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita. At iniwan siya ng anghel." (Lucas 1:38)*** Ang gayong salita at pahayag ay nagpalugod sa Panginoon at nasiyahan Siya, at sa pagtugon ibinuhos Niya nang labis ang Kanyang mga pagpapala sa kanya. Sa parehong paraan buksan mo nang buo ang iyong puso sa Dios at talagang masisiyahan ka sa pagpapala ng Dios at kung paanong ito ay gagawin ng Dios nang mahimala para sa iyo. Kaya't nais ng Dios na magtiwala sa Kanya at lubos na umasa sa Kanya.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Sinabi ni Jesus, ***"26 Kung ang sinomang tao'y naglilingkod sa akin, ay sumunod sa akin; at kung saan ako naroroon, ay doon naman doroon ang lingkod ko: kung ang sinomang tao'y maglingkod sa akin, ay siya'y pararangalan ng Ama." (Juan 12:26)*** Piliin ngayong makinig sa mensahe ng Dios sa iyo at sumunod sa Kanya at simulang maglingkod sa Kanya at simulang maglingkod sa Kanya at ikaw magiging mapalad at pararangalan ng Dios ang Ama.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Salamat Panginoon para sa iyong Salita na itinuro sa akin ang iyong mga daan upang maging mapalad.*

*Ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasalanan sa Dios; talikuran ang iyong walang kagustuhang magpakumbaba sa Dios at tanggapin ang daan na nais Niya na isabuhay mo para as Kanya at ang iyong walang kagustuhang sumunod sa Kanyang mga kautusan, at ang iyong walang kagustuhang maglingkod sa Kanya. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa lahat ng mga sumusunod na mga kasalanan.______________________________.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na ibigin ka sa pagsunod sa iyong Salita at pagsunod sa lahat ng iyong mga kautusan. Panginoon salamat para sa iyong pagtawag sa akin upang paglingkuran ka. Panginoon ihanda mo ako at ibigay ang lahat ng aking mga kailangan. Lubos kong ipinapangako ang aking sarili sa paglilingkod sa iyo.* ***"Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita."*** *Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at ipinangako ang kanilang buhay upang mabuhay para sa iyo, sa paggawa ng iyong kalooban at upang maglingkod sa iyo. Panginoon pusposin sila ng Banal na Espiritu, salitain sa kanila sa daan na dapat nilang puntahan, at utusan sila ng iyong salita. Panginoon protektaha sila at gabayan sila. Panginoon gamitin sila upang maglingkod sa iyo at gawin ang mabubuting gawa na inihanda mo para sa kanila na gawin.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan habang kami'y nagpapatuloy na sumunod sa iyong salita at kautusan at naglilingkod sa iyo sa pageebanghelyo at paggawa ng bagong mga alagad. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios', at bigyang-daan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Daan upang Maging Mapalad Yugto 5. Awit 94:12. Awit 89:15. Awit 106:3. Awit 112:1. Awit 119:1-2. Kawikaan3:13. Awit 146:5. Mateo 22:29. Kawikaan 8:32-36. Kawikaan 16:20. Kawikaan 8:28:14. Kawikaan 20:7. Kawikaan 29;18. Lucas 11:27-28. Lucas 1:46-48. Lucas 1:26-33. Roma 1:16-17. Lucas 1:34,35,37-38. Juan 12:26.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com